

Setyembre 5, 2025

Mahalagang paunawa mula sa Departamento ng mga Serbisyon Pangkaunlaran (Department of Developmental Services) tungkol sa:

GABAY SA REPORMA SA RATE: MGA MODELO NG RATE NG SOBRANG MILYAHE

D-2025-Reporma sa Rate-007

Ano ang Dapat Malaman

Ang direktiba na ito ay nagbibigay ng mga detalye tungkol sa mga pagbabago sa pagbabayad para sa mga tagapagbigay ng pangangalaga. Sinasaklaw nito ang mga serbisyo tulad ng pangangalaga sa pahinga, espesyal na terapiya, mga programa sa maagang pagsisimula, at pagpapaunlad ng sanggol. Ang mga tagapagbigay na ito ay naglalakbay ng malalayong distansya upang tulungan ang mga taong nakatira sa mga lugar na kanayunan (rural).

Ano ang Magbabago

Simula sa Nobyembre 1, 2025, ang mga tagapagbigay na nakalista sa itaas na naglalakbay ng higit na milya kaysa sa karaniwan na ipinapalagay sa mga modelo ng rate ay maaaring makatanggap ng karagdagang bayad upang mabawi ang kanilang mga gastos. Ang mga sentrong pang-rehiyon ay bibigyan ng worksheet upang matulungan ang mga tagapagbigay na kalkulahin ang milya at naaangkop na mga pagbabayad.

Matuto Pa

Kung gusto mong matuto nang higit pa tungkol sa reporma sa rate, mangyaring bisitahin ang webpage ng Reporma sa Rate ng Kagawaran [dito](#).

Maaari kang magpatala upang makatanggap ng mga regular na update tungkol sa reporma sa rate [dito](#).